

Tigdas (rubeola)

Ano ang tigdas?

Ang tigdas ay isang seryosong sakit na dulot ng mga tigdas na virus. Madali itong nakakahawa mula sa isang tao patungo sa ibang tao at nagdudulot ng pagkalat ng sakit. Bago nagkaroon ng bakuna, karamihan ng tao ay nagkaroon ng tigdas noong bata pa sila. Ngayon, bibihira na ang sakit na ito sa United States, pero karaniwan pa rin ito sa maraming bansa.

Sino ang nagkakaroon ng tigdas?

Kahit na itinuturing na sakit ng mga bata ang tigdas, maaaring magkaroon nito ang mga tao anumang edad nila. Sa United States, karamihan sa mga kaso ay mga hindi nabakunahang sanggol, bata, at tinedyer. Kabilang sa mga adultong may mataas na panganib na mahawa ay ang mga estudyanteng kolehiyo, mga naglalakbay sa ibang bansa, at mga tauhan ng pangangalaga sa kalusugan.

Paano kumakalat ang tigdas?

Ang tigdas ay isa sa pinakanakakahawang sakit. Ang virus na tigdas ay kumakalat sa pamamagitan ng hangin o sa pamamagitan ng direktang contact sa ilong o inilalabas ng lalamunan mula sa isang taong mayroon nito. Ang virus na tigdas ay maaaring manatili sa hangin nang hanggang dalawang oras pagkatapos na manatili sa lugar na ito ang isang taong may tigdas.

Ano ang mga sintomas ng tigdas?

Ang mga sintomas ng tigdas ay karaniwang lumilitaw sa dalawang yugto. Sa unang yugto, karamihan ng mga tao ay nagkakaroon ng lagnat, tumutulong sipon, namumulang mata, at ubo. Ang pangalawang yugto ay nagsisimula mga 3-7 araw kapag nagsimulang lumitaw ang mapupulang mapa-mapang pantal sa mukha at kumakalat sa buong katawan. Ang pantal ay kadalasang tumatagal nang 5-6 na araw. Ang maliliit na batik na puti, na tinatawag na mga Koplik spot, ay maaaring makita rin sa gilagid at sa loob ng pisngi.

Gaano kabilis lumilitaw ang mga sintomas?

Ang mga sintomas ay maaaring magsimula sa loob ng 7-21 araw pagkatapos ng pagkalantad na may average na 10 araw pagkatapos ng pagkalantad. Ang pantal ay karaniwang lumilitaw sa loob ng 14 na araw mula sa pagkalantad.

Paano ginagamot ang tigas?

Nakatuon ang gamutan sa pagpapahupa ng mga sintomas habang nilalabanan ng katawan ang virus. Maaaring kabilang dito ang mga fluid, gamot sa pagkontrol ng lagnat o kirot, antibiyotiko para gamutin ang mga sekondaryang impeksyon mula sa bakterya, at mga vitamin A supplement.

Paano maiiwasan ang tigas?

Ang pagbabakuna sa maraming bata hangga't posible ay ang pinakamagandang paraan para maiiwasan ang mga kaso at pagkalat ng tigas. Ang dalawang dosis ng tigas ay inirerekomenda para sa lahat ng bata. Ang unang dosis, bilang bahagi ng bakuna sa tigas, beke, at rubella (measles, mumps, at rubella o MMR), ay dapat ibigay sa 12-15 buwan ang edad at bago pumasok sa kindergarten ang isang bata (4-6 taon ang edad) para sa pangalawang dosis. May karagdagang mga rekomendasyon para sa mga adulto at sa mga bumibiyahe sa labas ng United States, kabilang ang mga sanggol na 6 na buwan ang edad.

Gaano katagal dinadala ng isang taong naimpeksyon ang tigas?

Maaaring maikalat ng isang tao ang virus na tigas mula sa pagsisimula ng lagnat (karaniwang apat na araw bago magkaroon ng pantal) hanggang sa mga apat na araw pagkatapos ng paglitaw ng pantal. Ang mga pasyenteng mahina ang panlaban sa sakit ay maaaring magkalat ng virus sa buong panahon ng kanilang pagkakasakit.

Ano ang mga kumplikasyong nauugnay sa tigas?

Mga impeksyon sa gitnang tainga, pulmonya, krup, at pagtatae na karaniwang nangyayari sa maliliit na bata. Ang encephalitis (pamamaga ng utak) ay maaaring maganap sa maliit na porsyento ng mga kaso. Ang pagkamatay dahil sa tigas ay napakabihira sa United States at nangyayari sa 1-3 sa bawat 1,000 kaso. Ang tigas ay mas malala sa mga batang wala pang 5 taong gulang at sa mga adultong lampas sa 20 taong gulang.

Maaari bang magkatigas muli ang isang tao?

Hindi. Ang mga taong nagkaroon na ng tigas ay hindi na magkakaroon muli.

Paano ako makakakuha ng impormasyon tungkol sa tigas?

- Kung may mga alalahanin ka tungkol sa tigas, kontakin ang inyong healthcare provider.
- Tumawag sa iyong lokal na kagawaran ng kalusugan. Ang direktoryo ng lokal na kagawaran ng kalusugan ay matatagpuan sa <http://www.vdh.virginia.gov/local-health-districts/>.
- Bisitahin ang website ng VDH tungkol sa tigas sa

- <http://www.vdh.virginia.gov/measles>
Bisitahin ang website ng Disease Control and Prevention sa <http://www.cdc.gov/measles/index.html>.

Setyembre 2021